SFMTA Pag Plano ng 2022 serbisyo ng Muni Network




# Pag Plano ng 2022 serbisyo ng Muni Network

## Introduksyon

### Paano ang magiging serbisyo ng Muni sa 2022?


Dati ng binawasan ng SFMTA ang Muni service sa panahon ng pandemyang COVID-19, ginawa ang Muni Core Service Network. Simula noong Abril 2020, paulit-ulit naming dinadagdagan ang serbisyo nito: Pinanatili namin ang serbisyo na mayroon ito dati. Nagdagdag din kami ng serbisyo sa mga matataong corridor at gumawa ng mga bagong linya na nakatutok sa mga pagpapabuti sa mga kapitbahayan na kinilala ng Muni Service Equity Strategy na mayroong mataas na bilang ng mga residenteng “low-income” at mga taong may kulay.

- **Pinadami namin ang Muni Service sa mga matataong corridor** tulad ng Mission at Geary, kabilang ang mga bus na tumatakbo sa bawat 2 minuto. Kami ngayon ay mayroong mas madaming Muni service sa mga corridor kabilang ang mga corridor ng Misson at Potrero/San Bruno kumpara sa ginawa namin bago ang pandemya.

- Ang bago ng Muni na 15 Bayview Hunters Point Express ay nagbibigay ng mabibilis na koneksyon sa pagitan ng mga lokal na hintuan sa Bayview at mga pangunahing destinasyon sa Third Street papunta sa Financial District.

- Binago namin ang ruta ng 22 Fillmore upang maserbisyuhan ang Mission Bay, kabilang ang kampus ng UCSF, sentrong medikal at Chase Center. Kami ay nakipagtrabaho kasama ang komunidad upang alamin ang mga hintuan para sa bagong koneksyon papunta sa corridor na 16th Street, na papalit sa 22 Filmore sa Potrero Hill at papalitan ang 55 16th Street ng bagong 55 Dogpatch.

- Ang bagong 58 Lake Merced ng Muni ay pinalitan ang 23 Monterey sa Sloat Boulevard at ang 57 Parkmerced sa kanlurang bahagi ng Lake Merced habang nagbibigay ng bagong mga koneksyon sa Westlake District sa Daly City. Ang 23 Monterey ay ngayong kumokonekta sa West Portal Station.




Mapa ng mga ruta at pangkat ng bus ng muni sa buong araw na hindi pa ulit gumagana

Sa kasalukuyan, mayroong 7 na ruta ng Muni na hindi pa ulit napapagana.

**Bakit kailangang bisitahing muli ang Muni network?**

Kinokonekta ng Muni ang mga komunidad ng San Francisco. Habang bumabangon ang lungsod mula sa pandemyang COVID-19, ang SFMTA ay nagbubuo ng panukala sa kung paano muling maayos ang Muni service sa 2022. Sa nakalipas ng ilang taon, sa panahon ng pandemya, nakakita tayo ng mga pattern ng pagbibiyahe at nagbabago ang pangangailangan. Dapat ba nating ibalik ang mga ruta ng Muni na pangbuong araw na aayusin pa lamang? O dapat ba nating damihan ang serbisyo sa mga linya ng Muni na may mataas na bilang ng sumasakay, pagbutihin ang pagiging maaasahan at mga koneksyon sa mga pamilihan, ospital, paaralan at iba't ibang mga lugar ng trabaho habang pinaiigsi ang oras ng pag-aantay at pagiipon ng tao, at hindi ang muling pag-aayos ng mga 7 ruta noong bago ang pandemya na gumagana buong araw na hindi pa naaayos?

Nakabuo kami ng tatlong senaryo para sa iyong

konsiderasyon at ngayon ay aming gustong tanungin kung anong Muni service ang nais mo sa 2022.

## 2022 Muni Service Network

Bago tayo magtungo sa kung ano ang pagkakaiba ng mga tatlong senaryo, narito ang mga iilang pagbabago sa serbisyo ng Muni na nakaplano para sa 2022 Muni Service Network na ipapatupad ano man ang mangyari.

### Sa 2022, ang serbisyo ng Muni ay...

- Ipapanatili ang serbisyo na buong araw sa loob ng dalawa o tatlong bloke ng lahat ng hintuan na mayroong serbisyo buong araw bago ang pandemya.
- Ibabalik ang 28R Avenue Rapid sa bawat 10 minuto.
- Papahabain ang 43 Masonic, na mayroong iba't ibang opsyon kung saan ito tutungo.
- Ibabalik ang 10 Townsend, na mayroong iba't ibang opsyon kung saan ito tutungo.

---

## Ano ang mga tatlong alternatibo para sa 2022 Muni service?

Ang tatlong alternatibong ito ay nakatuon sa serbisyong pang-buong araw. Habang patuloy ang pagrerekober, mas maraming trabaho ang mangyayari upang planuhin ang serbisyo sa peak-hour.

Ang mga tatlong alternatibo na iniimbitahan ka ng SMFTA na ikonsidera para sa serbisyo ng Muni sa 2022 ay ang mga:

- **Familiar Alternative:** Binabalik ang mga ruta ng Muni na

pangbuong araw na aayusin pa lamang kung paano sila bago ang pandemya.

- **Frequent Alternative:** Pagdami ng serbisyo sa mga linya ng Muni na may mataas na bilang ng sumasakay, pagbutihin ang pagiging maaasahan at mga koneksyon sa mga pamilihan, ospital, paaralan at iba't ibang mga lugar ng trabaho habang pinaiigsi ang oras ng pag-aantay at pag-iipon ng tao,ang serbisyo sa mga linya ng Muni na may maraming sumasakay, at hindi pag ayos muli ng bawat ruta bago ang pandemya na pang-buong araw.
- **Hybrid Alternative:** Naglalayon na balansehin ang Familiar Alternative at ang Frequent Alternative.

Sa alternatibong hindi na muling aayusin ang mga serbisyo bago ang pandemya, nais naming gumawa ng iba pang pagpapabuti kung saan magbebenepisyo ang parehong pangkalahatang lugar. Ipinareha sa datos na transit, **ang iyong feedback sa mga tatlong alternatibo ay gagamitin upang magawa ang panukala para sa 2022 Muni Service Network.**


Sa ilalim ng bawat alternatibo, makakakita ka ng maigsing deskripsyon ng mga potensyal na mga benepisyo at hamon, kabilang na rin ang mga serye ng mga mapa na nagpapaliwanag ng kanilang epekto. Mayroon ding mapa na nagpapakita ng hangganan ng 5-Minute Network (ang network na mga linya ng Muni na naka-iskedyul na dadating kada limang minuto, buong araw, pitong araw kada linggo) sa alternatibong ito.

## Familiar Alternative

Ang Familiar Network ay ibinabalik ang pangbuong araw na mga ruta ng Muni na aayusin pa lamang kung paano sila bago ang pandemya.

Narito ang iilang mga tampok ng **Familiar Alternative:**

- Tinutulungan ang mga mananakay na gumagamit ng Muni noon bago ang pandemya na bumalik sa dati nilang pattern ng pagbibiyahe.
- Tumutugon ito sa mga hiling ng publiko na restorasyon ng serbisyo na dati na nating naririnig.
- Kinikilala nito ang mahabang kasaysayan ng mga linyang ito at ang katotohanan na ang mga tao ay minsang pinili kung saan titira o saan ilalagay ang negosyo base kung nasaan sila.
- Kinakailangan lamang nito ng kaunting pagsisikap upang ito ay ipatupad.




Isang mapa na nagpapakita ng sistema ng Mui sa ilalim ng "Familiar" alternative

**Pananda ng Mapa**

- Ang **kapal** ng guhit ay nagpapahiwatig ng dalas ng biyahe
- Ang **bughaw na guhit** ay nagpapakita ng umiiral na biyahe

- Ang **luntiang guhit** ay nagpapakita ng binalik na biyahe sa ilalim ng piniling ito

Ikutin ang mga mapa sa pamamagitan ng pagsunod sa link (**Nakasanayang Pinili**) upang mas may malaman sa piniling ito.

---

## Frequent Alternative


Ang Frequent Alternative ay ang pagpapadami ng serbisyo sa mga linya ng Muni na may mataas na bilang ng sumasakay, pagbutihin ang pagiging maaasahan at mga koneksyon sa mga pamilihan, ospital, paaralan at iba't ibang mga lugar ng trabaho habang pinaiigsi ang oras ng pag-aantay at pag-iipon ng tao,ang serbisyo sa mga linya ng Muni na may maraming sumasakay, at hindi pag ayos muli ng bawat ruta bago ang pandemya na pang-buong araw. Ang alternatibong ito ay pianakamahusay na gagana sa pag-maximize ng ridership, pagtugon sa ating lauyin sa klima at pagtulong sa pagrekober ng ekonomiya sa pamamagitan ng paglipat ng mga mapagkukunan mula sa mga biyahe pa-downtown patungo doon sa mga nagkokonekta sa mga lokal na kapitbahayan.

- Pinapababa nito ang oras ng biyahe para sa karamihan ng kasalukuyang biyahe, kabilang ang pagbawas ng oras na nilalaan sa paglalakad (o paggulong) at pag-aantay.
- Pinatataas nito ang bilang ng mga destinasyon, tulad ng mga trabaho, paaralan, serbisyo at pamimili na napupuntahan ng mga tao sa nakalaan na dami ng oras.
- Ang serbisyo ay mas magiging kapani-pakinabang sa mga bagong mananakay o mga tao na gumagawa ng iba't ibang mga biyahe kumpara sa kanilang ginagawa dati.
- Ang ibig sabihin nito ay mas mataas na potensyal ng ridership, kung saan nakakatulong ito sa pagtugon sa mga layunin sa kasikipan, mga emisyon ng klima, at pagkakaroon ng kakayahang mabuhay.

**Kumpara sa Familiar Alternative, sa Frequent Alternative, sa 30-minuto na tagal ng biyahe, ang karaniwang San Franciscan ay maaaring makakuha ng halos 4,000 na mas madaming trabaho at mga oportunidad sa edukasyon at sa isang 45-minuto na biyahe, 9,000 na mas madaming trabaho at oportunidad sa edukasyon.**

Habang ito ay nangangahulugan ng mas maraming oportunidad sa buhay sa karamihan, ito ay nangangahulugan ng pag-alis o pagputol ng ibang mga ruta na naging parte na ng San Francisco sa madaming taon, kabilang ang 2 Sutter/Clement, 3 Jackson, 6 Haight/Parnassus, 10 Townsend, 21 Hayes, 43 Masonic, at ng 47 Van Ness.

Ang Frequent Alternative ay naglalayon ng maihahambing na serbisyo sa Familiar Alternative, kahit ang mga kapitbahayan ay sineserbisyohan ng ruta na iba sa mayroon bago ang pandemya.




Isang mapa na nagpapakita ng sistema ng Muni sa ilalim ng "Frequent" alternative

### Pananda ng Mapa


- Ang **kapal** ng guhit ay nagpapahiwatig ng dalas ng biyahe

- Ang **bughaw na guhit** ay nagpapakita ng umiiral na biyahe
- Ang **luntiang guhit** ay nagpapakita ng binalik na biyahe sa ilalim ng piniling ito
- **Ang gintong guhit** ay nagpapakita ng mga biyaheng hindi binalik sa ilalim ng piniling ito
- **Ang Rosas na pananda** ay nagpapakitang ang umiiral na biyahe ay mas pinahusay sa ilalim ng piniling ito

Ikutin ang mga mapa sa pamamagitan ng pagsunod sa link (**Kadalasang Pinili**) upang mas may malaman sa piniling ito.

## Hybrid Alternative

Ang Hybrid Alternative ay Nilalayon ng Hybrid Alternative na balansehin ang mga tampok ng Familiar Alternative at ng Frequent Alternative. Ito ay magagampanan sa pamamagitan ng pagputol at pagpapahaba ng mga ruta at paggamit ng mga napalayang mga mapagkukunan upang paramihin ang dalas ng mga ruta sa Muni na may pinakamataas na bilang na sumasakay upang mabawasan ang oras ng pag-aantay at pagsisiksikan ng mga tao. Ang Hybrid Alternative ay naglalayon ng maikukumparang serbisyo sa Familiar Alternative, kahit ang mga kapitbahayan ay sineserbisyohan na ng ruta na iba sa kung ano ang mayroon bago ang pandemya.




Isang mapa na nagpapakita ng sistema ng Muni sa ilalim ng "Hybrid" alternative

**Pananda ng Mapa**

- Ang **kapal** ng guhit ay nagpapahiwatig ng dalas ng biyahe
- Ang **bughaw na guhit** ay nagpapakita ng umiiral na biyahe
- Ang **luntiang guhit** ay nagpapakita ng binalik na biyahe sa ilalim ng piniling ito
- **Ang gintong guhit** ay nagpapakita ng mga biyaheng hindi binalik sa ilalim ng piniling ito
- **Ang Rosas na pananda** ay nagpapakitang ang umiiral na biyahe ay mas pinahusay sa ilalim ng piniling ito

Ikutin ang mga mapa sa pamamagitan ng pagsunod sa link (**Pinagsamang Pinili)** upang mas may malaman sa piniling ito.

---

## Ano ang tingin mo sa mga tatlong alternatibo para sa Muni service sa 2022 na naipresenta dito? Ibahagi ang iyong nasa isip sa pamamagitan ng pagsagot sa aming survey.

Sagutan ang aming survey

**Ituloy lang ang pag-scroll pang makita ang mga detalye sa ibabang nakatuon sa kapitbahayan.**

## Mga Detalyeng Nakatuon sa Kapitbahayan

Paano maapektuhan ang iyong bus ng bawat senaryo? Tignan ang mga mapa sa ibaba na nagpapakita ng mga ruta sa mga kapitbahayan na iyong nakasanayan sa Familiar Alternative. Pagkatapos ay tignan kung ano ang magbabago upang mapagpabuti ang saklaw, dalas at mga koneksyon sa Frequent Alternative at Hybrid Alternative.

### How to read these maps

- Ang mga kulay rosas na mga linya ay tumutukoy sa ruta na mayroong panukalang pagbabago (maaaring ang kanilang ruta o ang dalas nito)
- **Ang mga bus na mayroong makakapal na linya ay pinapanukala na dadating ng mas madalas**
- Ang mga dilaw na linya ay nagpapakita ng ruta na may panukalang hindi na ipagpapatuloy

## Hayes Valley at Western Addition

### 5 Fulton, 6 Haight/Parnassus, 7 Haight/Noriega, 21 Hayes

Ang 21 Hayes service ay hindi pa binabalik dahil ito ay may layo lamang na dalawa o tatlong bloke mula sa mas madalas

na serbisyo sa parehong Haight (6 Haight/Parnassus at 7 Haight/Noriega) at kalsadang McAllister at Fulton (5 Fulton).

Dapat ba nating ibalik ang 21 Hayes tulad ng dati? Isa itong opsyon. Ano ang mga kapalit nito?

- Kung anting babawasan o tatanggalin ang 21 Hayes, magkakaroon tayo ng mas maraming mapagkukunan upang pagbutihin ang 5 Fulton at 7 Haight/Noriega, na makakatulong sa pagbawas ng oras ng pagaantay at pagsisiksikan sa mga linyang iyon.
- Kung ang 21 Hayes ay tatanggalin, at ikaw ay nasa Hayes Street, ito ay tatlo hanggang apat na blokeng lakad papunta sa 5 Fulton o 7 Haight/Noriega.
- Ang lakad na ito ay karaniwang pataas at maaaring magkaroon ng pagtawid sa Alamo Hill. Ito ang maaaring isa sa mga dahilan upang hindi magustuhan ang Frequent Alternative dito.




## Hayes Valley at

# Western Addition

5 Fulton, 6 Haight/Parnassus, 7 Haight/Noriega, 21 Hayes

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*




## Hayes Valley and Western Addition - Familiar Alternative

**21 Hayes:** Ibinalik tulad ng dati, kada 12 na minuto.




## Hayes Valley and Western Addition - Frequent Alternative

**21 Hayes:** Hindi ibinalik

**5 Fulton:** Pinagpabuti mula kada 10 minuto na naging kada 5 minuto.

**7 Haight/Noriega:** Serbisyo sa lahat ng nasa Haight Street ay pinagpabuti ng kada 5 na minuto (**6 Haight/Parnassus** ay hindi ibinalik).

**22 Fillmore:** Pinagpabuti ang serbisyo mula kada 6 na minuto na naging kada 5 minuto.




## Hayes Valley and Western Addition - Hybrid Alternative

**21 Hayes:** Ibinalik sa kung ano ito dati na kada 20 minuto mula sa Stanyan Street hanggang Civic Center, ngunit hindi ito nagpapatuloy sa Market Street na lampas sa Civic Center.

**5 Fulton:** Pinagpabuti mula kada 10 minuto na naging kada 6 na minuto, pinapaigsi ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

**6 Haight/Parnassus** + 7 **Haight/Noriega:** Ang serbisyo sa lahat ng nasa Haight Street ay pinagpabuti sa kada 6 minuto, pinapaigsi ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

## Ang Haight, Parnassus, at Golden Gate Heights

### 6 Haight/Parnassus, 7 Haight/Noriega, 52 Excelsior, 66 Quintara

Ang 6 Haight/Parnassus ay hindi pa ibinabalik. Sa halip sa panahon ng pandemya, pinalitan namin ito ng mga ekstensyon ng 52 Excelsior at 66 Quintara, habang pinapanatili ang 7 Haight/Noriega upang magbigay ng serbisyo sa Haight Street.

Ang 6 Haight/Parnassus ay abala sa Haight Street, sa palibot ng UCSF at sa 9th at Irving ngunit ang bilang ng mananakay ay matagal ng mababa sa Golden Gate Heights sa Inner Sunset at Ashbury Heights, sa timog ng Haight-Ashbury.

May katuturan ba ang pagbigay ng serbisyo sa mga parte ng linyang ito sa ibang paraan?

- Ang hiling ay lagi ng napakataas sa Haight Street, kaya naman importanteng magkaroon ng madalas na serbisyo doon, hanggang sa Stanyan Street. Ang distrito ng negosyo ng Upper Haight ay dati ng mayroong hindi sapat na dalas ng serbisyo doon dahil kalahati ng serbisyo ng bus ng Haight Street (ang 6th Haight/Parnassus) ay laging pinapatay sa Masonic Avenue.
- Ashbury Heights, pa-timog ng Haight-Ashbury, ay sineserbisyohan din ng 33 Stanyan na mayroong mga koneskyon sa Upper Market at sa Mission.

- Ang mga parte ng 6 Haight/Parnassus na malapit sa N Judah (Cole Valley at sa Parnassus Street) ay maaaring mahikayat na mas dumepende sa N Judah para sa pagbiyahe patungong bayan o downtown, habang pinapanatili ang maayos na lokal na serbisyo.
- Maaari naming ipagpatuloy ang pagsaklaw sa Golden Gate Heights, sa Inner Sunset, gamit ang lokal na serbisyo, tulad ng kasalukuyang 52 Excelsior na kumokonekta sa Muni Metro at 9th Avenue at Judah Street at ng Forest Hill. Ngunit, ito ay gagamit ng mga bus na hybrid-electric sa halip ng trolley-electric na mga bus, isang pagbabago kung saan ang mga kapitbahay ay may mga pinarating na alalahanin patungkol dito. Ang pagbabagong ito ay mangangailangan ng mga paglipay ngunit nagpapahintulot ng mga koneksyon sa dalawang mga hub ng Muni Metro.


Narito ang mga opsyon na ikokonsidera.




## Ang Haight, Parnassus, Golden Gate Heights


6 Haight/Parnassus, 7 Haight/Noriega, 52 Excelsior, 66 Quintara

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*




## Ang Haight, Parnassus, Golden Gate Heights - Familiar Alternative

Ang lahat ng mga ruta ay ibinalik sa nakaraang pagkakahanay.





## The Haight, Parnassus, Golden Gate Heights -

## Frequent Alternative

**6 Haight/Parnassus + 7 Haight/Noriega:** Ang serbisyo sa Haight Street ay pinagpabuti sa kada 5 minuto, pinapaigsi ang oras mga oras ng pagaantay at pagsisiksikan, binibigay lamang ng 7 Haight/Noriega (isang pagpapabuti mula sa kada 12 minuto sa kanluran ng Ashbury at kada 6 na minuto sa silangan ng Ashbury)

**52 Excelsior:** Mananatili sa bagong paghahanay.

**66 Quintara:** Mananatili sa bagong paghahanay.




## The Haight, Parnassus, and Golden Gate Heights - Hybrid Alternative

**6 Haight/Parnassus + 7 Haight/Noriega:** 6 Haight/Parnassus ay mananatili sa Haight Street kanluran papuntang Stanvan Street, sa halip na papatayin ito sa Ashbury Street, magbibigay ito ng mas mabuting serbisyo kada anim na minuto sa kabuuang haba ng Haight Street, doble ng mga lebel ng serbisyo sa kanluran ng Ashbury Street, binabawasana ng oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

**52 Excelsior:** Binalik sa nakaraang pagkakahanay.

**66 Quintara:** Binalik sa nakaraang pagkakahanay.

---

**Sabihin sa amin ang iyong naiisip patungkol sa tatlong mga alternatibo sa pamamagitan ng pagsagot sa 2022 Muni service survey (o patuloy na magbasa para sa karagdagang kaalaman sa mga detalyeng pang-kapitbahayan).**

Sagutan ang aming survey

---

## Post, Sutter, Clement, at Jackson Street

### 2 Sutter/Clement, 3 Jackson, 12 Folsom/Pacific

Sa distrito ng Richmond, ang mga linya ng Muni na timog-kanluran ay ngayong nakaposisyon sa kada-sangkapat na milya, halos mga dalawa o tatlong bloke, sa California Street, halos walong milya mula sa pinakamadalas na serbisyo sa Clement Street at Geary Boulevard, o mayroon bang mas mainam na paraan upang gamitin ang mapagkukunan na ito? Ang Clement Street at isang distrito ng negosyo kaya naman ito ay mahalagang destinasyon. Ngunit ang buong network ay naitaguyod na sa akala na ang walong milya ay isang napakaigsing lakarin.

Samantala, sa Pacific Heights, ang 3 Jackson Street ay lagi ng mayroong mababang bilang ng mga mananakay, Maaari ba nating serbisyohan ang parteng iyon sa ibang paraan?

Panghuli, gaano karaming serbisyo ang kinakailangan ng Sutter Street? Ito ay may layo lamang na dalawang bloke mula sa mas madalas na serbisyo sa Geary Street, at tatlo hanggang apat na bloke mula sa mas madalas na serbisyo sa California Street.

Mas mainam ba na magkaroon ng mga linya na medyo mas magkakalayo sa isa't isa upang makabuo tayo ng mga frequency o dalas sa mga ruta upang mabawasan ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan?


Narito ang ilang mga opsyon na ikokonsidera.




## Post, Sutter, Clement, at Jackson Street

2 Sutter/Clement, 3 Jackson, 12 Folsom/Pacific

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*




## Post, Sutter, Clement, a Jackson Street - Familiar Alternative

**2 Sutter/Clement + 3 Jackson:** Binalik sa nakaraang pagkakahanay kada 20 minuto (pinagsama kada 10 minuto sa kanluran ng Filmore)

**12 Folsom/Pacific:** Walang serbisyo sa kanluran ng Van Ness.





## Post, Sutter, Clement, at Jackson Street - Frequent Alternative

**2 Sutter/Clement + 3 Jackson:** Hindi ibinalik.

**12 Folsom/Pacific:** Pinahaba sa kanluran ng Fillmore at Jackson, nagbibigay ng isang bagong koneksyon, kada 15 minuto.

**22 Fillmore:** Pinagbuti ang serbisyo mula sa kada 6 na minuto sa kada 5 minuto, binabawasan ang mga oras ng pagaantay at pagsisiksikan.




## Post, Sutter, Clement, at Jackson Street - Hybrid Alternative

**2 Sutter/Clement:** Ibinalik mula sa bayan o downtown papuntang Presidio Avenue at California Street.

**3 Jackson:** Hindi ibinalik (tignan ang 12 Folsom/Pacific).

**12 Folsom/Pacific:** Pinahaba sa kanluran mula sa Van Ness Avenue sa mga kalsada ng Pacific and Jackson, at matatapos sa Presidio Avenue at California Street, nagbibigay ng bagong koneksyon, kada 15 minuto.

**Sabihin sa amin ang iyong naiisip patungkol sa tatlong mga alternatibo sa pamamagitan ng pagsagot sa 2022 Muni service sarbey (o patuloy na magbasa para sa karagdagang kaalaman sa mga detalyeng pang-kapitbahayan).**

Sagutan ang aming survey

---

## South of Market, Market Street, at Financial District

### 10 Townsend, 12 Folsom/Pacific, 30 Stockton, 31 Balboa, 47 Van Ness, 49 Van Ness/Mission

***47 Van Ness***

Bago ang Marso 2020, ang Van Ness Avenue ay sineserbisyohan ng dalawang linya, 47 Van Ness at 49 Van Ness/Mission. Ang hugis L na 47 Van Ness ay nagbibigay ng kaunting direktang serbisyo mula sa Van Ness papuntang Caltrain at sa mga destinasyon na kanlurang SoMa. Ang dalawang linya ng bus ay naka-iskedyul na dumating kada 9 na minuto, at sa Van Ness Avenue, ang kanilang mga iskedyul ay naka-offset upang ang isang bus (maaaring ang 47 Van Ness o 49 Van Ness/Mission) ay makakarating kada apat o limang minuto.

Dapat ba nating ipanatili ang 47 Van Ness? Maaari. Ngunit kung hindi, pwede nating:

- Ipatakbo ang 12 Folsom kada 8 minuto ng dire-diretso sa SoMa, mula sa Financial District hanggang 16th Street, binabawasan ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.
- Ipatakbo ang 49 Van Ness/Mission ng mas madalas, paglalagay ng mas maraming serbisyo sa Mission kung

saan mataas ang pangangailangan. Hahayaan din nito na tayo ay makapagtalaga ng mga dalas ng biyahe sa Van Ness Avenue upang mapantayan ng eksakto ang pangangailangan, binabawasan ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

***10 Townsend at 12 Folsom/Pacific***

Ang 10 Townsend ng Muni, timog ng Market Street, ay magbabalik sa serbisyo sa bawat alternatibo. Bago ang Marso 2020, ang 10 Townsend at 12 Folsom/Pacific ay tumakbo ng magkasabay sa kahabaan ng Pacific Street, hanggang sa Chinatown at sa Russian Hill patungong Van Ness Avenue. Ang bawat isa ay tumatakbo kada 15 minuto upang sa kahabaan ng Pacific Street ay mayroong serbisyo kada 8 minuto.

Ngunit kung tatanggalin natin ang 47 Van Ness, magkakaroon tayo ng mas maraming pangangailangan sa serbisyo kada walong minuto hanggang sa SoMa sa mga kalsada ng Folsom at Harrison.Upang ito'y maibigay, may katuturan na ang 12 Folsom, sa kada 8 minuto, ang nag-iisang serbisyo sa Pacific Street at para sa 10 Townsend na magtatapos sa bayan o downtown.

***Saan dapat pupunta ang 31 Balboa sa bayan o downtown?***

Ang pangangailangan sa transit patungong Financial District ay mas mababa kumpara noon, at walang nakakaalam kung ito ba ay tataas o kung kailan ito tataas. Kaya naman mahalagang magtanong kung madami bang mga lokal na ruta ang dapat magbiyahe patungong bayan o downtown sa buong araw.

Sa dami ng ibang mga lokal na ruta na nagbibiyahe patungong Financial District, mas may katuturan ba kung ang 31 Balboa ay liliko pa-timog upang magbigay ng direktang serbisyo mula sa Caltrain patungong Richmond District,

Western Addition, Civic Center at Tenderloin, at papalitan ang kawing na kasalukuyang ibinibigay ng 47 Van Ness? Ito rin ay magpapabalik ng serbisyo sa 5th Street dahil ang 27 Bryant ay inilipat sa panahon ng pandemya, base sa feedback ng komunidad, sa mga 7th at 8th Street.

***30 Stockton: Mas madamings frequency sa mga 3rd at 4th Street?***

Panghuli, dapat ba nating ibalik ang mas mataas na frequency sa 30 Stockton, na nagseserbisyo sa mg 3rd at 4th Street upang bawasan ang mga oras ng pagaantay at pagsisiksikan? Kapag nagbukas ang Central Subway, inaasahan sa susunod na taon, maaaring kailanganin natin ng mas kaunting serbisyo dito. Subalit ngayon, tayo ay nakakakita ng mas madaming pagsisiksikan sa abalang ruta na ito hanggang Chinatown, at dapat tayong magdagdag ng serbisyo dito kung posible.


Narito ang mga opsyon.



## South of Market, Market Street, at Financial District

10 Townsend, 12 Folsom/Pacific, 30 Stockton, 31 Balboa, 47 Van Ness, 49 Van Ness/Mission

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*





## South of Market, Market Street, at Financial District - Familiar Alternative

**10 Townsend:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 15 minuto. Tutuloy hanggang sa Pacific Street patungong Van Ness, bumubuo ng 8 minuto na dalas kabilang ang 12 Folsom/Pacific.

**31 Balboa:** Ibinalik mula sa Tenderloin patungong Ferry Building sa kahabaan ng Market Street.

**47 Van Ness:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 8 minuto

**49 Van Ness/Mission:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 8 minuto, para sa pinagsamang 4 na minutong dalas sa kahabaan ng Van Ness Avenue.




## South of Market, Market Street, at Financial District - Frequent Alternative

**10 Townsend:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 15 minuto. Nagtatapos sa bayan o downtown at mga kalsadang Sansome at Washington.

**12 Folsom/Pacific:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 7.5 minuto sa kahabaan ng Pacific Street, hanggang bayan o downtown, at sa kahabaan ng mga kalsadang Folsom at Harrison hanggang 16th Street.

**22 Fillmore:** Ipinagpabuti sa kada 5 minuto (mula sa kada 6 na minuto).


**30 Stockton:** Ang serbisyo ay kada 3 minuto (30 Stockton at 45 Union/Stockton ng magkasama, umigsi mula sa kada 4 minuto).

**31 Balboa:** Ibinalik sa 5th Street patungong Caltrain kada 15 minuto.

**47 Van Ness:** Hindi ibinalik.

**49 Van Ness/Mission:** Pinalitan ng 49R Van Ness Mission

Rapid, tumatakbo kada 5 minuto (umigsi mula sa kada 8 minuto), nagseserbisyo sa parehong mga hintuan sa Van Ness Avenue tulad ng kasalukuyang 49 Van Ness/Mission at sa Mission Street, ang 14R Mission Rapid ay tumitigil.




## South of Market, Market Street, at Financial District - Hybrid Alternative

**10 Townsend:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 15 minuto. Nagtatapos sa bayan o downtown at mga kalsadang Sansome at Washington.

**12 Folsom/Pacific:** Ibinalik na mayroong serbisyo kada 7.5 minuto sa kahabaan ng Pacific Street, hanggang bayan o downtown, at sa kahabaan ng mga kalsadang Folsom at Harrison hanggang 16th Street.

**30 Stockton:** Ang serbisyo ay kada 3 minuto (30 Stockton at 45 Union/Stockton ng magkasama, umigsi mula sa kada 4 minuto).

**31 Balboa:** Ibinalik sa 5th Street patungong Caltrain kada 15 minuto.

**47 Van Ness:** Hindi ibinalik.

**49 Van Ness/Mission:** Tumatakbo kada 6 na minuto (umigsi mula sa kada 8 minuto), bilang nag-iisang serbisyo sa Van Ness Avenue.

---

**Sabihin sa amin ang iyong naiisip patungkol sa tatlong mga alternatibo sa pamamagitan ng pagsagot sa 2022 Muni service sarbey (o patuloy na magbasa para sa karagdagang kaalaman sa mga detalyeng pang-kapitbahayan).**

Sagutan ang aming survey

---

## Ang Presidio, ang Marina, Fisherman's Wharf, Chinatown at North Beach

### 12 Folsom/Pacific, 22 Fillmore, 28 19th Avenue, 30 Stockton, 43 Masonic, 47 Van Ness, 49 Van Ness/Mission

Sa dulong norte ng Van Ness Avenue, ang 49 Van Ness/Mission ay kasalukuyang lumiliko sa silangan at magtatapos sa mga kalsadang Powell at North Point sa Fisherman's Wharf. Ang mga koneksyon sa Fisherman's Wharf ay mahalaga. Sa halip na ang 49 Van Ness/Mission ang kokonekta sa Fisherman's Wharf, ang 28 19th Avenue, na kasalukuyang nagtatapos sa Van Ness Avenue at North Point Street, ang maaaring tumuloy papuntang Wharf, na papalit sa pirasong ito ng 49 Van Ness/Mission. Ito ay makakapagbigay ng tuloy-tuloy na serbisyo sa kahabaan ng dulong hilaga ng lungsod, mula sa Richmond District hanggang sa Presidio at Marina patungong Wharf.

Samantala, ang 43 Masonic, na tumatakbo mula hilaga-timog

sa kabuuan ng lungsod, kasalukuyang nagtatapos sa California Street. Hindi pa namin ibinabalik ang parteng tumutuloy sa hilaga hanggang sa Presidio at ang silangan hanggang Marina patungong Fort Mason.

Isa pang opsyon ay patakbuhin ang 28 19th Avenue hanggang sa silangang bahagi ng Presidio. Mas padadaliin niyo ang pagbaba mula sa distrito ng Sunset at Richmond patungong Presidio, at ikokonekta nito ang Presidio patungong Fisherman’s Wharf. Sa kasong ito, ang 43 Masonic ay ibabalik sa kahabaan ng Presidio Boulevard patungo sa Presidio Transit Center sa Main Post ngunit hindi na tutuloy patungong Marina. Ibig sabihin nito ay hindi magkakaroon ng direktang Muni service sa harapan ng Fort Mason o sa katabing Marina Safeway, bagaman ang mga ito ay nasa sangkapat na milyang lakarin lamang mula sa hintuan ng bus ng 30 Stockton o 22 Filmore.

Panghuli, tinitignan namin ang pagdadag ng dalas ng biyahe sa 30 Stockton hanggang Chinatown upang mapaigsi ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan. Ang mga karagdagang biyaheng ito ay pahahabain mula sa Caltrain hanggang Van Ness Avenue at North Point Street.


Ang mga mapang ito ay nagpapakita ng ibang mga opsyon para sa 3 Jackson at 12 Folsom/Pacific sa Pacific Heights. Tignan ang nasa itaas para sa “Mga Sutter, Clement, at Jackson Street” (2 Clement, 3 Jackson, 12 Folsom/Pacific).




## Ang Presidio, ang Marina, Fisherman's Wharf, Chinatown, at North Beach

12 Folsom/Pacific, 22 Fillmore, 28 19th Avenue, 30 Stockton, 43 Masonic, 47 Van Ness, 49 Van Ness/Mission

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*




## Ang Presidio, ang Marina, Fisherman's Wharf, Chinatown, at North Beach - Familiar Alternative

Ang lahat ng mga ruta ay ibinalik sa nakaraang mga paghahanay.




## The Presidio, the Marina, Fisherman's Wharf, Chinatown, and North Beach - Frequent Alternative


**22 Fillmore:** Ang serbisyo ay pinagbuti sa kada 5 minuto.

**28 19th Avenue:** Pinahaba patungong silangan sa North Point

Street patungo sa Powell Street sa Fisherman's Wharf kada 12 minuto, kung saan papalitan ang parteng ito ng 47 Van Ness para sa kumpletong koneksyon na silangan-kanluran. Ito ay ini-ruta upang pagserbisyohan ang dulong silangan ng Presidio, na mayroong mga bagong hintuan sa Letterman Digital Arts Center at malapit sa Girard Road at Lincoln Boulevard.

**30 Stockton + 45 Union/Stockton:** Pinagsamang dalas ng biyahe sa kada 3 minuto sa kahabaan ng Columbus Avenue patungong Van Ness Avenue at North Point Street.

**43 Masonic:** Ang unang paghahanay ay naibalik lamang hanggang sa Presidio Transit Center. Ang serbisyo mula doon hanggang sa Marina at Fort Mason ay ibinibigay ng 28 19th Avenue kada 12 minuto (tignan ang nasa itaas).




## Ang Presidio, ang Marina, Fisherman's Wharf, Chinatown, at North Beach - Hybrid Alternative

**28 19th Avenue:** Pinahaba patungong silangan sa North Point Street patungo sa Powell Street sa Fisherman's Wharf kada 12 minuto, kung saan papalitan ang parteng ito ng 47 Van Ness para sa kumpletong koneksyon na silangan-kanluran.

**30 Stockton + 45 Union/Stockton:** Pinagsamang dalas ng biyahe na dinagdagan ng mga biyahe ng bagong 30 Stockton. Ang serbisyo ay kada 3 minuto sa Chinatown at kada 3 hanggang 6 minuto kahabaan ng Columbus Avenue hanggang Van Ness Avenue at North Point Street.

**43 Masonic:** Ang unang paghahanay ay naibalik hanggang sa Marina patungong Fort Mason kada 12 minuto.

---

**Sabihin sa amin ang iyong naiisip patungkol sa tatlong mga alternatibo sa pamamagitan ng pagsagot sa 2022 Muni service sarbey (o patuloy na magbasa para sa karagdagang kaalaman sa mga detalyeng pang-kapitbahayan).**

Sagutan ang aming survey

---

## Ang Mission, Excelsior, City College

### 12 Folsom/Pacific, 22 Fillmore , 49 Van Ness/Mission

Sa seksyon ng South of Market sa itaas, iminungkahi namin ang posibilidad ng pagtanggal ng 47 Van Ness at pagpapatakbo ng lahat ng serbisyo sa Van Ness Avenue gamit ang 49 Van Ness/Mission na tumutuloy hanggang sa Mission at sa City College. Pagbubutihin nito ang mga koneksyon sa isang lugar na mayroong napakataas na pangangailangan sa transit at maraming mga pangunahing mga destinasyon na importante sa buong lungsod.

Narito ang karagdagang konsiderasyon: Kung ating tatanggalin ang 47 Van Ness, maipagpapabuti natin ang serbisyo sa kada anim na minuto (sa halip na kada walong

minuto) sa 49 Van Ness/Mission. Dagdag pa dito, maaari nating ipagpabuti ang serbisyo sa kada limang minuto kung ating papalitan ang 49 Van Ness/Mission ng 49R Van Ness/Mission Rapid. Ang 49R Van Ness/Mission Rapid ay hihinto pa rin sa lahat ng hintuan sa kahabaan ng Van Ness Avenue, at ang bagong istasyon ng BRT (nakaplanong buksan sa tagsibol ng 2022). Sa kahabaan ng Mission Street, ito ay hihinto lamang sa kasalukuyang mga hintuan ng 14R Mission Rapid, kabilang ang isa bagong hintuan sa isang bloke timog ng Cesar Chavez Street, malapit sa kung saan nagtatagpo ang mga kalsada ng Valencia at Mission. Lumikha ito ng mas mabuting koneksyon sa karaniwan, ngunit ang iyong distansya sa isang hintuan ng Rapid ay maaaring malayo.


Panghuli, ang Mission ay magbebenepisyo mula sa mas pinagbuting dalas ng biyahe sa 22 Filmore. Ang dulong hilaga ng Mission ay magbebenepisyo din mula sa mas pinagbuting dalas ng biyahe sa 12 Folsom mula sa 16th Street pahilaga papuntang SoMa at bayan o downtown. Ang mga pagbabagong ito ay iminumungkahi sa parehong Hybrid at Frequent na mga alternatibo.



## Ang Mission, Excelsior, at City College


12 Folsom/Pacific, 22 Fillmore , 49 Van Ness/Mission

*Tignan ang mga nasa ibaba para sa karagdagang impormasyon patungkol sa tatlong opsyon ng network sa mga kapitbahayang ito*




## Ang Mission, Excelsior, at City College - Familiar Alternative

Walang pagbabago sa kasalukuyang serbisyo.





## Ang Mission, Excelsior, at City College - Frequent Alternative

**12 Folsom/Pacific:** Walang pagbabago sa timog ng 16th Street. Pinagbuti ang dalas ng biyahe sa hilaga ng 16th Street sa kada 8 minuto, pinapababa ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

**22 Fillmore:** Pinagbuti sa kada 5 minuto (mula sa kada 6 na minuto), pinapababa ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

**49 Van Ness/Mission:** Pinalitan ng 49R Van Ness Mission Rapid na tumatakbo sa kada 5 minuto (pinaigsi mula sa kada 8 minuto), nagseserbisyo sa parehong mga hintuan sa Van Ness Avenue tulad ng 29 Van Ness/Mission at sa Mission, ang 14R Mission Rapid ay tumitigil.




## Ang Mission, Excelsior, at City College - Hybrid Alternative

**12 Folsom/Pacific:** Walang pagbabago sa timog ng 16th Street. Pinagbuti ang dalas ng biyahe sa hilaga ng 16th Street sa kada 8 minuto, pinapababa ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

**22 Fillmore:** Walang pagbabago (kada 6 min)

**49 Van Ness/Mission:** Pinagbuti ang dalas ng biyahe sa kada 6 na minuto, pinapababa ang oras ng pagaantay at pagsisiksikan.

---

## Sabihin sa amin ang iyong naiisip patungkol sa tatlong mga alternatibo sa pamamagitan ng pagsagot sa 2022 Muni service pagsisiyasat.

Sagutan ang aming survey